FEBRUARY 2011
ISSUE 31

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN

PO NATIN !

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الحادي والثلاثون

HALA FEBRAYR

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24756706-24712514

february .indd 1 2/15/11 11:03:32 AM

CAMS
معهد كامز للتدريب الأهلي
CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES

Arabic Language Education Project

الأمانة العامة للأوقاف



Limitado lamang ang upuan,
kaya tawag na ngayon para magparehistro.

FULL COURSE DURATION : 32 HOURS

Tel : 97802777 - 24712574 - 24756796

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ··· لنتعارف

جمعية النجاة الخيرية

february .indd 2 2/15/11 11:03:34 AM

ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait

Schedule available every Friday & Saturday

Be a Computer Technician

LEARN

Just in 3 Months

PC & Laptop Maintenance

Hardware is a comprehensive Laptop and PC Maintenance Course in which you learn how to diagnose computer problems, Upgrading, Assembling new PC Formatting, Program installation and boosting the computer performance. Pc maintenance is a first step to be an IT administrator. It is a group base course in which students perform practical activities and exchange different pc problems and solutions.

Types of Computers

Main Frame A main frame is a big, powerful, expensive computer that can support many users at the same time. Large business and organizations use mainframe.

PC A PC is a personal computer, designed by IBM. Many different companies make PCs, but all of them are IBM compatible.

MAC Developed by Apple, a macintosh is a computer, but it is not a PC. Macs have a different operating system and use their own software and hardware.

Laptop A laptop or notebook is lighter and more portable version of PC or Mac that run on batteries.

Kuwait City , Tel: 22467301 - 99302850
E-mail: info@icsa.us / www.icsa.us

KPCCenter Tagalog

facebook®

uaya101@gmail.com

Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.

May problema ka ba sa iyong Laptop?

Huwag nang Mag-alala! Sagot ng CITC ang Problema Mo!

Laptop Repair

Garantisadong Serbisyo!

Free Diagnosis!

- No Display
- No Power
- Slow Respond
- Virus Removal
- All kinds of Software and Hardware Problems

CITC Computer Information Technology Centre
Tel.: 22403408 - 66001263 Kuwait City

3 HALA FEBRARY'R 2011
هلا فبراير

4 SHEIKH SABAH IV AL-AHMAD AL-JABER AL-SABAH
الشيخ صباح الأحمد الجابر الصباح

5 MAKI-ALAM! KUWAIT: Baklas Ka Ba?
هل أنت مزيف ام مزور

8 KAHULUGAN NG EMOSYON
المشاعر

9 EMOTIONAL LITERACY
العصبية

10 ANONG MERON SA BUWAN NG PEBRERO
المناسبات في فبراير

11 ISYUNG PANGKALUSUGAN: Ang Negative Ion
الأيونات

12 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

13 SARI-SARING KAALAMAN
معلومات متنوعه

14 LUTONG PINOY RECIPE
تعليم الطبخ - الفلبيني

15 BALANGAY NG LAHI
القبائلية

16 MINDANAO TUKLASIN NATIN
ميندناو

17 PAG-ARALAN ANG ARABIK
تعليم اللغة العربية

18 TANONG AT SAGOT: Pagdalaw ng mga Kababaihan sa Libingan
سؤال وجواب

19 BASA A MORO
لغة المورو

20 BISAYA: Ang Dakbayan sa Mati
لغة بيسايا

21 MAHALAGANG MGA NUMERO SA TELEPONO
ارقام هاتفية مهمه

21 BISAYANG JOKES
طرائف بسايا

Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na naga-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

FILIPINO MAGAZINE PO NATIN!

PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
uaya
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

IPC

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

february .indd Sec1:2 2/15/11 11:03:39 AM

HALA FEBRARY'R 2011

Ang pagdiriwang ng Hala Febrary'r ay isang taunang kaganapan sa Kuwait sa buwan ng Pebrero, itinuturing na isa sa mga natatanging buwan, kung saan magkasabay nitong ipinagdiriwang ang Araw ng Kalayaan. Ito rin ang panahon kung saan ang tigang na disyerto ay magbabagong anyo at maging isang kaakit-akit na mala-berdeng carpet na punong-puno ng mga halaman at magagandang mga bulaklak. Ang pagdating ng mga ibong gala at pana-panahong mga hayop ay nagdadala ng karagdagang kulay, kisig at kagandahan sa disyerto. Sa panahon din ng tagsibol ay dagsaan ang mga turista sa Kuwait, kung saan ang mga bisita ay malugod na tinatanggap para sa isang buwang selebrasyong pang-kultura, mga libangan at maragyang palabas sa tugon ng popular na mga demand para sa turismo at sa lokal na mga tao. Maraming mga organisadong mga gawain at mga pagdiriwang. Maraming mga tindahan ang nagbibigay ng mga special offers at mga discounts. Araw-araw ang mga pa-premyo, at mayroong mga musical parties, variety shows, gawaing pang-kultura at katutubong sining ang nagaganap sa iba't-ibang sulok ng bansa. Sa karagdagan, hindi lang mga lokal ngunit pati ang internasyonal na antas ng mga koponan ay lumalahok sa mga aktibidad ng isport.

Ang Hala Festival ay isang magandang pagkakataon para sa mga bata at mga matanda upang lumahok sa iba't-ibang mag kaganapan na nagtatampok sa mga cultural fetivals, shopping carnivals, pamamasyal sa mga tourist spots, at manalo ng mga papa-premyo mula sa mga raffles at mga contests na ginaganap sa buong buwan. Ito ay isang mahalaga at kapansin-pansing kaganapan na inaabangan ng lahat tulad ng iba pang mga pang-Arabong mga festivals sa buong Gulpo.

Ang Hala Febray'r Festiva 2011 ay nagsimula noong Biyernes, Enero 28, na may slogan "'Hilwa Ya Kuwait' (You're Beautiful, Kuwait) ."Libo-libong mga mamamayan at mga expatriates ang lumahok sa karnabal na nagdudulot ng kagalakan sa lahat at naglalagay ng mga ngiti sa mukah ng mga pamilya, kabilang na sa maraming mga bata.

february .indd Sec1:3 2/15/11 11:03:42 AM

SHEIKH SABAH IV AL-AHMAD AL-JABER AL-SABAH

Ang Amir ay ang Ulo ng Estado, ang kataas-taasang kumander ng Estado ng Kuwait. Kontrolado ng Amir ang executive branch sa pamamagitan ng kanyang mga ministro. Ang Amir ang naghirang ng Punong Ministro at inaprobahan ang lahat ng mga ministro sa pamamagitan ng Punong Ministro. Ang lehislatibong kapangyarihan ay nasa Amir at National Assembly alinsunod sa Saligang Batas. Ang pagsasanay ng Judicial Branch ay sa pangalan ng Amir. Ang Amir ng Kuwait ay protektado at hindi dapat labagin: anumang pintas laban sa kanya ay hindi disimulado at mapaparusahan ng batas. Siya ang mayroong kapangyarihang bale-walain (ibuwag) ang National Assembly para sa muling halalan o kaya ay patalsikin niya kahit pa ang buong national assembly. Maaari siyang manungkulan ng bansa na mayroong 100% kapangyarihan bilang Amir. Siya ang mas mataas na pinuno para sa mga armadong pwersa. Sa anumang national emergency o isang defensive war, siya ang ganap na mayroong kontrol, at ang National Assembly ay suspendido hanggang sa lahat ng bagay ay masolusyonan. Ang Amir ay maaaring magbigay sa pardon mula sa parusang kamatayan o pagkabilanggo. Siya rin ay mayroong kapangyarihang mag-appoint at mag-dismiss ng mga diplomat. Tuwing ang hari ay wala sa Kuwait ang Crown Prince ang papalit, hanggang sa pagbabalik ng Amir.

Si Sheikh Sabah IV Al-Ahmad Al-Jaber Al-Sabah (ipinanganak Hunyo 16, 1929) ay ang kasalukuyang Amir ng bansang Kuwait. Sa taong kasalukuyan ay ipinadiriwang ang kanyang ika-5 taong panunungkulan. Siya ay nanunumpa noong Enero 29, 2006 matapos ang kumpirmasyon ng National Assembly ng Kuwait. Siya ang ika-apat na anak ng dating hari, si Sheikh Ahmad Al-Jaber Al-Sabah. Siya rin ang pinuno ng naghaharing pamilyang Al-Sabah. Sa kanyang panunungkulan ay naggawa niyang ang Kuwaiti Dinar ang pinaka malakas na pera sa Mundo. Sa kasalukuyan, ipinakilala niya ang maraming mga bagong proyekto sa Kuwait upang maiangat ang industriyang pang- turismo. Siya din ay isang malakas na tagapagtaguyod para sa karapatan ng mga kababaihan sa Gitnang Silangan. (uaya)

february .indd Sec1:4 2/15/11 11:03:45 AM

Maki-Alam!

BAKLAS KA BA?

Ni Joshua Yusuf Barbas

Magandang araw ng pagbabasa sa lahat ng mga suki ng ating Maki-Alam series. Ito na naman po tayo sa ating mga bagong usapin para sa ating buwanang pangungolekta ng mga salaysayin ng mga Kababayang OFW sa Kuwait. Ang ating hain ngayon ay atin nang sisimulan at pagsasaluhan. Tunay ba na pangalan (o name) ang gamit mo sa iyong pasaporte? O sa iyong passport identity at mga informations, dinaya ba ang iyong edad o araw ng kapanganakan (birthdate), o maging pangalan, o apelyido, o kaya'y status ng buong details sa passport mo?

Ito ang isa sa mga lantaran na at normal 'ika naman ng iba, ngunit malalang sitwastyon ito ng iilang namu-m'rublema na o ito ay kadalsang makikita natin mostly dito sa abroad partikular na sa ating mga Kabayang-OFW at tunay na kahit saan mang dako sa buong mundo na may ka'bayang-expat at sigurado din naman maging ibang mga lahi ay ginagawa itong paraan para lamang malusutan, mapunan at mamithi ang hangad na maka-alis sa tinubuang bansa dala ng mga pangarap sa buhay na makaahon kahit papaano. Ngunit 'di alintana sa karamihan ng may ganitong kalagayan na 'di nila isinasaisip kung may mga problema bang kahaharapin sa mga susunod na sitwasyon o mga hassle kung baga sa future na mga maaaring maging problema soon, kung pag-uusapan ang mga documents na ito, tulad na halimbawa ng mga pagha-handle ng mga accounts, deposito o pundong pera sa bangko, pagtititulo ng mga ari-arian tulad ng bahay at lupa pati na sasakyan at negosyo, kung iba ang nakatatak o nakasulat sa pasaporte tunay na problema 'nga itong haharapin. 'Di ba dapat tunay na identity ang naka fill-up sa mga application forms and documents o ano pa mang pina-process sa mga nasabing usapin. 'Kritikal nga kung ating itong iisipin at bibigyan ng puna ito, 'di ba mga Kabayan? Inyo po naman ngayon masasaksihan at malalaman ang iilang mga halimbawa sa mga nagbahagi sa atin ng kanya-kanyang mga karanasan hinggil sa ating napiling usapin.

Si Marites na taga Binangonan, Rizal napilitang gumamit ng pekeng edad pero tunay naman ang pangalang gamit, sa intensyong makapagtrabaho agad bilang katulong sa Kuwait, 5 taon nang naninilbihan sa isang bahay sa Qurtobah, dumating sa edad na 17, pa lamang noon at dahil dinagdagan 'nga ng 4 na taon kaya naging 21 years old ang makikitang edad o birthdate sa kanyang pasaporte, kung saan ito ang required na edad ng Labor Affairs sa bansang ito pati na sa ating batas sa Pilipinas para makapag-abroad ang sinuman. Dumating sa sitwasyon na mas matanda pa siya ngayon kaysa sa kanyang Ate na kapatid sa atin. Ang pag-aaral ang dahilan kaya nagsasakripisyo siya sa bansang ito, at kung makapag-ipon na ng sapat, ang kanyang next na plano soon ay tuluyan nang mag-for-good, kung husto na ang ipon at pwede na niyang masimulan paaralin ang sarili dahil ulila na sila sa mga magulang, at ang kanyang kapatid naman ang papalit sa kanya dito sa magkatulad din na tinutuluyan na kanyang Amo na napakabait sa kaniya, tinuring siyang anak at 'di katulong, mahal na mahal din siya ng kanyang mga inaalagaan dahil 'di lamang siya Yaya ng mga ito siya ay nagsilbing tutor pa ng mga ito kaya may extra siyang sahod sa Amo niya at ilang mga bigay pa ng mga alaga niya. Swerte mo Kabayan sa amo mo!

Si Bro. Julio ng Farwaniyah, tubong Isabela, pamilyado at may isang anak, kapangalan siya ng isa sa mga wanted sa lugar nila kaya gumamit siya ng pangalan ng kanyang pinsan para lamang makakuha ng NBI na wala nang question pa, dahil na-try na niya noon magkaroon ng maraming

february .indd Sec1:5 2/15/11 11:03:47 AM

katanungan sa kanya nang una niyang pina-process ang kanyang papeles at naka-hold ang processing n'ya dahil nga, sa problemang kapangalan niya ang isa sa mga wanted at kalugar pa sa bayan nila. Wala siyang mabilisang option noon kaya naman ginamit na niya ang mga papeles ng pinsan na wala namang planong mag-abroad kasi may magandang trabaho sa atin sa isang branch ng Telecommunication sa lugar nila. Pero para kay Bro gustuhin man niya ang tunay na pangalan na gamitin 'di pa rin akma sa panahon at mahabang proseso pa ang gagawin muli kung ito'y pag-uukulan ng aksyon. Kasalukuyang nagta-trabaho siyang staff nurse sa isang ambulance section sa private hospital sa Salmiyah. Ang sabi pa niya mahirap gumamit ng 'di mo tunay na pangalan, iimbento ka ng pirma mo, sa mga ipon na account sa atin sa 'Pinas ay natatanong kung siya ay may passport minsan, pero 'di na lamang niya sinasabing siya ay OFW para 'di usisain pa, 'di niya mai-tourist ang mga anak dahil iba nga ang name niya, pati asawa nagagalit sa kanya dahil kaya niya financially dalhin dito ang pamilya pero sa dokumento lagi nagkakaroon ng mga hassle. Payo n'ya sa tulad niyang may plano mag-baklas ng identity o document para sa passport pagplanuhan mabuti kung ito ba ay karapat-dapat isasagawa at maging handa sa mga susunod na mga kaganapan para sa mga questions at requirements needed in case na kailangan tanungin ng sinumang kahaharapin balang araw. Alam mo, punto ka 'don Bro.

Si Mildred dati na ring OFW sa iba't ibang lugar sa Middle East pangatlong lugar na itong Kuwait at dito na rin ikinasal sa ating Kababayan, tubong Bikolana at may isa nang anak sa kasalukuyan na nakatira sa Sharq, tulad ng iba nating Kabayang OFW, isa sa mga problema noon ay edad kaya dinaya na lamang ng kanyang agency ang date ng kanyang kapanganakan para lamang makaalis agad ng 'Pinas. 'Di nagdalawang isip si Sis kung ito ba ay magkakaroon ng problema balang araw, ngunit sa kasalukuyan 'nga ito ang kanilang nilalakad sa Embassy kung ano ang dapat isagawa para masulosyunan ang problema nila sa ipapangalan sa passport ng bata dahil baklas o pekeng birth certificate ang gamit niya noon sa pag-proseso ng pasaporte n'ya, ayon sa ating batas ito'y bawal at maaaring madamay pa dito ang agency na nag-asikaso at nagpaalis sa kanya noon. Kaya naman walang inuwian ang plano nilang mag-asawa, tuluyang nagamit na ng mga bata ang baklas na apelyido niya bilang middle initial ng mga supling nila. Isa sa iniisip pa nilang problema na maaaring harapin ay kung 'di magiging valid ang kasal nila pag-uwi dahil ang alam niya sa gamit niyang name na baklas ito'y married na. Papaano nalang ang process ng kanilang marriage contract kung ito'y ipa-process na sa Statistic office o census sa atin. Isa sa plano na lamang nila ay ulitin ang kasal sa Huwes o Korte sa kanilang probinsya at magpapagawa na lang ulit ng marriage certificate doon at mapalitan din ang mga papeles nilang mag-iina balang-araw. Sa tingin ko, ok 'yon na solution sa karamihan dito sa Kuwait.

Si Juliet taga-Davao at si Willy taga Las Piñas City. Parehas na baklas ang mga papeles kaya naman para sa kanila wala namang problema ang sitwasyon nila 2 taon na silang kasal mag-asawa at dito sa Yarmoukh nanunuluyan. Si Bro. ay dating nag-Taiwan na at doon laging nagpapalit ng passport noon kung gusto pa ng OFW na bumalik sa nasabing Intsik na bansa, kaya naman ang huling baklas ang nagamit niyang passport dahil naging hiring agad pa-Kuwait at dahil 'di pa rin naman expire ang huli niyang passport, kaya ito na ang kanyang dala-dala sa pag-aaply sa isang sikat na burger company dito. Si Sis naman ay tumakas lamang sa amain niya sa lugar nila at 'di niya magamit ang tunay niyang birth certificate noon dahil ito'y tinatago ng kanyang Ina, dahil 'di sila payag na umalis ng 'Pinas ang anak nilang gusto muna nilang magtapos ng Kolehiyo. Pero dahil mas mataas ang hangad na maka-ahon sa

february .indd Sec1:6 2/15/11 11:03:48 AM



buhay at makapagpatuloy sa pag-aaral ang mga kapatid sa High School ay ninais niyang tumakas sa magulang at mga kapatid para magpa-Manila at after 1 month lamang na paghihintay noon at tuluyang din nakapag-Kuwait bilang Yaya. Masalimuot man ang ilang eksena ng buhay niya noon ngunit sa ngayon ay natatanggap na rin sila ng pamilya ni Sis, ang sabi na lamang nilang mag-asawa ay nandiyan na 'yan at dapat kayaning harapin at magtulungan na lamang sila sa mga dapat na obligasyon at mga gastusin. Isa sa payo pa nila basta't 'wag munang magka-anak walang magiging problema doon, dahil plano din nilang ulitin ang kanilang kasal sa atin sa Pilipinas para magamit ang mga tunay na mga pangalan at saka nila pa-planuhing magka-anak para naman 'di magiging problema sa dokumento ng magiging unang anak nila, kung magkakaroon 'nga, InshaAllah! Dahil naisip na rin nila na ano ang sasapitin ng kanilang sitwasyon sa anak kung dito ito maipo-proseso ang mga papeles. Payo nila 'wag palalain ang problema at 'wag dagdagan pa. OO 'nga noh!

Binili ng isang Kabayan natin ang isang papeles na offer noon ng kaniyang agency para lamang mapadali ang kanyang paglalakad ng passport kaya naman 'di na nagpatumpik-tumpik pa (o nag-atubili) si kapatid na Ernesto na tubong Pangasinan. Engineer by profession sana ngunit bagsak sa Bar (barista) kaya wala pang license. Ito ang naging tukso sa kanya noon na gumamit ng papeles ng ibang tao na may kaukulang mga document at license pero obvious ito'y gawang-Recto o peke ika 'nga. Pero dala talaga ng pangangailangan nagawa ni kapatid ang ganitong hakbang. 3 taon siyang nagta-trabaho sa Qatar noon, at dahil nagkaroon siya ng balitang hiring din sa Kuwait sa isang malaking Oil Industry sa Ahmadi dito na niya itinama ang lahat balik siya sa 'Pinas at nag-take ulit ng exam at sa awa ng Diyos nakapasa at tuluyang pinalitan na ang passport na gamit sa tunay na niyang birth certificate at kahit maliit ang unang sahod niya dito sa Kuwait ay kanya na itong tinanggap. Sa kasalukuyan maganda na ang kanyang kinakatayuan sa buhay at kasama na niya ang mga pamilya at anak sa Fahaheel at doon na rin nag-aaral, bawal sa batas ang kanyang ginawa sa Qatar at kung ito'y malalaman lamang doon makukulong siya maaring 510- years sa kasong Forgery o pamemeke ng mga papeles, na maging dito ay mahigpit din nila itong tinututulan. Sana maitama hanggang maaga ang may ganitong sitwasyon payo pa ni Engineer Ernesto. Salamat sa magandang payo, kapatid.

Alhamdulillah! Hay! At ito na, dumako na naman po tayo sa last part ng aking artikulo, papaano 'yan marami pa ritong kwento na pwede nating pagsaluhan, pero wala nang space next issue na lang ang mga ito, part 2 ika 'nga. Tama mga Kabayan, lalu na sa mga ilan pang nakibahagi ng share nilang issue sa usapin nating ito, hintay lang ninyo na mai-publish natin ang kwento ninyo, Okey. Hanggang sa muli. Paalam! Masalam.

TRIVIA:

KUWAIT CITY (o Madinat Al Kuwait) ang capital ng bansang ito, na umaabot sa 2.28 million ang bilang ng populasyon dito, makikitaan ng maraming mga Ministries o Government offices, Kuwaiti Corporations, mga bangko at iba pang mga economic centers.

METRO MANILA (o Maynila, Amanillah naman sa panahon ni Rajah Solaiman) ang ating kabisera o capital ng bansa. Ito ay may 20 million na populasyon sa huling tala, binubuo ng maraming mga siyudad tulad ng Quezon City, Caloocan City, Pasay City, Makati, Pasig at iba pang 10 na mga siyudad sa buong NCR o Nation Capital Region. Makikitaan din ito ng tulad ng nasa Kuwait at marami ring mga unibersidad at naglalakihang mga malls at iba pa.

february .indd Sec1:7 2/15/11 11:03:50 AM

Ang Kahulugan ng Emosyon

"Kumusta ka?" "Ok lang", (na ang ibig sabihin ay masaya, malungkot, naiinis, naiiyak). Marahil ay isa rito ang iyong isasagot mo o higit pa. Kasabay ng iyong pagsagot ay makikita sa iyong mukha at mata ang damdamin mo sapagkat hindi mo ito maitatago. Marahil pa nga ay basta ka na lamang iiyak, tatawa, sisigaw o iirap. Ito ang iyong mga emosyon na nagpapagalaw ng iyong buhay. Madali ka bang maapektuhan ng iyong emosyon? Kontrolado mo ba ang emosyon mo o kontrolado ka ng emosyon mo?

Mula sa mga sinasagap mula sa kapaligiran, nakakakalap ang tao ng kanyang mga pandamdam na bibigyan naman ng katuturan ng kanyang isipan. Mahalaga ang uri ng reaksyon na kanyang ibibigay sa kanyang mga sinagap. Ang emosyon ang siyang tugon ng tao sa mga bagay na kanyang nakikita, nararamdaman, naririnig, nalalasahan at naaamoy. Positibo ang emosyon ng tao kung ito ay itinuturing niyang mabuti, kaaya-aya at nakapagpapasaya sa kanya. Negatibo naman ang emosyon kung ito ay itinuturing niyang masama, nakalulungkot, nakababagabag o nakasasakit ng damdamin.

Kung ganoon, ang kanyang emosyon ang nagpapamalas ng pagpapahalaga ng tao sa mga bagay na kanyang nakikita, nadarama, naririnig, nalalasahan at naaamoy. Halimbawa, narinig mong may yabag ng mga paa sa labas ng inyong bahay. Pagkatapos, narinig mong may kumatok sa inyong pinto. Binuksan ng kapatid mo ang pinto at narinig mo ang boses ng iyong ama. Alas diyes na ng gabi. Kung ikaw ay naghihintay sa iyong ama, bigla kang lalapit sa kanya at babatiin siya. Samantala kung dapat ay tulog ka na ng oras na iyon at alam mong magagalit ang iyong ama, maaaring hindi ka sumagot at magkunwaring natutulog na. Ito ay isa lamang sitwasyon na maaaring magkaroon ng iba't-ibang uri ng emosyon.

Narito ang talaan ng mga pangunahing emosyon ng tao:

Pagmamahal (love)	Pagkamuhi (hatred)
Pagnanasa (desire)	Pag-iwas (aversion)
Pagkatuwa (joy)	Pagdadalamhati (sorrow)
Pag-asa (hope)	Pagkabigo (despair)
Pagiging matatag (courage)	Pagkagalit (anger)
	Pagkatakot (fear)

Ang unang kolum ay mga emosyong nakasisiya sa damdamin subalit nangangailangan nang maayos na pamamahala. Ang virtue ng pagtitimpi (temperance) ay kailangan. Bagamat nakita at naamoy mong masarap ang pagkain sa mesa subalit alam mong hindi sa iyo, kailangang hindi mo ito kainin.Ang ikalawang kolum ay tumutukoy sa mga emosyong mahirap sa damdamin na tanggapin dahil ito ay masakit, nakalulungkot o nakatatakot. Marami ang mag-aaral na ayaw kumuha ng mahirap na kurso (halimbawa: engineering) dahil nahihirapan at natatakot sila sa maraming pagtutuos at pagbibilang. Kaya't ang virtue ng katatagan (fortitude) ay kailangan upang malampasan ang hirap at takot na nararamdaman.

(Project EASE, bse.portal.ph)

Emotional Literacy - Gamitin sa Kabutihan ang Iyong Emosyon

Ang emotional Quotient (EQ) ay ang kakayahang kumilala, umalam at umunawa ng mga damdaming pansarili at ng ibang tao at kakayahang gamitin ang kapangyarihan at kagalingan ng mga damdaming ito upang magdulot ng makataong enerhiya, impormasyon at impluwensiya.

Ang EQ ay may iba't-ibang aspeto:

1.Pagkilala sa sariling emosyon – ang kamalayan sa mga nagyayari sa sarili o kakayahang kumilala sa sariling damdamin habang nararamdaman.

2.Pangangasiwa sa sariling emosyon – ang kakayahang makontrol ang iba't-ibang emosyon dahil ang mga ito ay may epekto sa kalagayan ng loob at pakikiugnay sa kapwa.

3.Panghihikayat sa sarili na gumawa ng mabuti – ang kakayahang disiplinahin ang emosyon tulad ng pagtitimpi na gawin ang isang bagay na hindi dapat.

4.Pagdama sa damdamin ng kapwa – ang kakayahang makadama sa pangangailangan o damdamin ng iba. Nagagawa mo ito kapag nagagawa mong pakiramdaman ang iyong sarili.

5.Pangangasiwa ng ugnayan – ang kakayahan sa pagpapanatili ng magandang ugnayan sa kapwa. Ang pagdadala ng ugnayan ay nangangahulugan ng pangangasiwa ng emosyon.

Gamitin sa Kabutihan ang Iyong Emosyon

Ang mga positibong emosyon ay makadadagdag-sigla sa buhay. Sa harap ng panganib, ang mga emosyon mo ay mag-uudyok sa adrenalin upang dumaloy nang marami at malakas kasama ng iyong dugo. Sa gayon, magagawa mo ang isang bagay na hindi kayang gawin ng karaniwang tao. Ang mga madaling mawalan ng pag-asa ay nanghihina, samantalang ang may matibay na loob at pananampalataya ay nakatatagal.

Ang mga negatibong emosyon ay nakapipinsala sa iyong katawan. Ang mga negatibong emosyon ay nakaaapekto sa katawan. Ang sama ng loob, poot, inggit, galit at iba pa ay nakaaapekto sa bilis ng pintig ng puso, paghinga at pati temperatura ng katawan.

Ang mga emosyon ay maaaring ikundisyon. Ang emosyon ay napipigil, nasisikil, napalalabas mo sa pamamagitan ng iyong isip. Nararapat na ang pag-iisip ang susupil sa emosyon at di ang emosyon ang susupil sa iyong pag-iisip.

Ang mga emosyon ay mapasusunod tungo sa kapakinabangan. Ang paghanga ay makapagbibigay ng inspirasyon sa pag-aaral. Ang takot ay makapagpipigil sa iyo na iwasan gawin ang makasasama sa iyo o sa pamilya mo. Ang iyong emosyon ay hindi mo basta aalisin na lamang. Mahalagang pamahalaang mabuti ang mga ito tungo sa iyong kabutihan at mabuting kapakanan din ng iyong kapwa.

(Project EASE, bse.portal.ph)

ANONG MERON SA BUWAN NG PEBRERO

Ang **Pebrero** *ang ikalawang buwan ng taon sa Kalendaryong Gregorian at ng Kalendaryong Julian. Mayroon itong 28 o 29 na araw depende kung ang taon ay leap year ba o hindi. Kung ang taon ay leap year, 29 ang araw ng Pebrero. Tatlong beses lamang sa kasaysayan nagkaroon ng ika-30 ng Pebrero. Ang Enero at Pebrero ang pinakahuling buwan na dinagdag sa kalendaryo, dahil para sa mga Romano, ang tag-lamig ay panahon na walang buwan. Sa Ingles, February ang tawag sa buwang ito. Ang salitang Pebrero ay galing sa Kastilang salita na Febrero. Ang buwan ay ipinangalan kay Februus, and diyos ng kadalisayan ng mga sinaunang Romano.*

Hala Febray'r Festival, *ipinagdiriwang taon-taon sa bansang Kuwait. Sa 2011, sinimulan ito noong Enero 28 na may slogan "'Hilwa Ya Kuwait' (You're Beautiful, Kuwait)*

Pebrero 14 - Ang Araw ng mga Puso *(Ingles: Valentine's Day) ay ang pagdiriwang ng kapistahan ni San Velentin na ginaganap tuwing Pebrero 14. Dito ipinapahiwatig ng mga magkasintahan, mga mag-asawa at mga pamilya ang kanilang pag-ibig sa isa't isa at nagpapadala ng mga bulaklak, kard at donasyon, kadalasan hindi sinasabi ang pangalan. Si San Valentín, ayon sa Katolisismo, ang siyang patron ng mga magkasintahan.*

Pebrero 16 – natapat sa araw na ito sa taong 2011 ang Mawlid al-Nabi, *ang araw ng kapanganakan ng Huling Sugo, si Propeta Muhammad(saw), na ipinagdiriwang din ng ibang mga Muslim sa iba't-ibang panig ng mundo, kahit ito ay hindi kasama sa Sunna o tradisyon ng Propeta(saw).*

Pebrero 25, 26 – ika-50 Anniversary of Independence at ika-20 Anniversary of Liberation Day sa bansang Kuwait. *Sa taong 2011 ay ipinagdiriwang din ang ika-5 taong Anniversary ni Sheikh Sabah Al-Ahmad Al-Jaber Al-Sabah sa kanyang panunungkulan bilang Emir ng bansang Kuwait*

Pebrero 1, 1814 *– Ang Bulkang Mayon ay pumutok na kumitil sa mahigit kumulang na 1200 na katao; ito ang pinakamapanirang pagsabog ng bulkan.*
Pebrero 6, 1964 *– Namatay si Emilio Aguinaldo (ipinanganak 1869)*
Pebrero 14, 1946 *– Ang ENIAC, ang unang pangkalahatang-gamit na kompyuter ay inilabas.*
Pebrero 22, 1986 *- Unang araw ng Rebolusyon sa EDSA. Tumiwalag sina Kalihim Juan Ponce Enrile at Tenyente Heneral Fidel Ramos sa panig ni Ferdinand Marcos.*
Pebrero 25, 1986 *- Huling araw ng Rebolusyon sa EDSA. Nilikas ni Pangulong Ferdinand Marcos ang Malacanang pagkatapos ng 20 taon ng pamamahala at naging unang babaeng pangulo ng Pilipinas si Corazon Aquino.*
Pebrero 29, 1986 *– Namatay si Elpidio Quirino, dating Pangulo ng Pilipinas.*

Sa ilalim ng Gregorian Calendar, ang Pebrero ay naglalaman ng 28 o 29 na araw, Ngunit, tatlong beses sa kasaysayan ng mga piling bansa, nagkaroon ito ng 30 araw:

Plinano ng Swedish realm (kasama ang Finland sa panahong iyon) na magbago ng kalendaryo mula sa Julian calendar patungong Gregorian calendar simula 1700 sa pamamagitan ng pag-alis ng mga leap day sa susunod na 40 taon. Nangangahulugang ang 1700 ay hindi leap year sa Sweden, ngunit ang 1704 at 1708 ay naging leap year taliwas sa plano. Ito ang naging dahilan kung bakit ang Swedish calendar ay nauuna ng isang araw sa Julian calendar ngunit huli pa rin ng sampung araw sa Gregorian calendar. Ang pagkakalitong ito ay nabawasan nang, noong 1712, dalawang leap day ang idinagdag, nabigyan ang taong iyon ng Pebrero 30. Ang petsa ay naitaon sa Pebrero 29 sa Julian at Marso 11 sa Gregorian. Ang pagpapalit ng mga Swedish sa Gregorian calendar ay nangyari nong 1753.

Noong 1929, ipinakilala ng Soviet Union ang isang revolutionary calendar na kung saan ang lahat ng buwan ang mayroong 30 araw at ang natitirang 5 o 6 na araw ay naging holiday na walang buwan. Kaya noong 1930 at 1931, ito ay mayroong Pebrero 30, ngunit noong 1932 bumalik ang dating haba ng mga buwan.

ADVERTISING RATES	Original Rates KD	6 Months 20% Discount	Yearly 30% Discount KD	
Regular Full Page	100	80	70	840
Half Page	50	40	35	420
Quarter Page	25	20	17.5	210
Inside Front Cover Full Page	150	120	105	1,260
Inside Back Cover Full Page	150	120	105	1,260
Back Cover Full Page	200	160	140	1,680
Center Spread Pages	200	160	140	1,680
For more information, call 24712574 ext. 109				

NEGATIVE ION

(Mula sa blogs ni Ms. Giselle Sanchez)

"Speaking of regalo, natutuwa naman ako dito kay Daisy Reyes kasi nag-merienda kaming mag-kakaibigan sa bahay ni Ina Raymundo at naikuwento ko sa kanila na may myoma ako, isang maliit na tumor sa uterus ko. Agad siyang pumunta sa kotse niya at naglabas ng isang malaking box sabay sabi, sa loob nitong box na ito ay may sampung pakete ng Anion napkin at sampung pakete ng Anion pantyliners. Bago mo maubos 'yang box na yan, baka malaglag na yung myoma mo tulad ng nangyari sa customer ko. Regalo ko 'yan sa iyo. Pasasalamat sa ating pagkakai-bigan.

Naintriga naman ako kung ano'ng meron ang napkin na ito at makakatanggal ng myoma, bal-isawsaw, yeast infection, at kung anu-ano pang mga karamdaman may kinalaman kay Miss V (ang ating keps). At dahil umalis agad si Daisy, ako mismo ang nagsaliksik kung ano ang sikreto ng Anion napkin at bakit nakasawsaw yung green strip na kinuha niya sa napkin sa tubig na iniinom niya. Apparently, this green strip is a negative ion strip situated in the middle of the pad. According to www.webMD.com, ***"Ions are molecules that have gained or lost an electrical charge. They are created in nature as air molecules break apart due to sunlight, radiation, and moving air and water. You may have experienced the power of negative ions when you last set foot on the beach or walked beneath a waterfall. Negative ions are odor-less, tasteless, and invisible molecules that we inhale in abundance in these environments."*** *Di ba parang magaan at masaya ang feeling natin kapag nasa beach tayo or sa Pagsanjan Falls? Resulta 'yan ng negative ions na pumapasok sa katawan natin.* ***"Once they reach our bloodstream, negative ions are believed to produce biochemical reactions that increase lev-els of the mood chemical serotonin, helping to alleviate depression, relieve stress, and boost our daytime energy."*** *Kaya pala nilalagay ni Daisy ito sa tubig niya, parang energy drink pala ito.* ***"They also may protect against germs in the air thus being an antibacterial aid."***

Dahil may antibacterial factor itong negative ion strip, ito ang nagpapagaling sa mga vaginal infections at sakit-sakit sa may bandang reproductive organ tulad ng myoma, yeast infections, pangangati, balisawsaw, at kung anu-ano pa. Madalas din nating nakukuha ang mga sakit na ito dahil sa "poor hygiene" kapag tayo ay may menstrual period. Dahil napapatay ng negative ion strip ang bacteria na matatagpuan sa menstruation natin, naiiiwasan ang mga sakit-sakit na ito. May kilala akong plastic surgeon na ginagamit ang negative strip na ito galing sa anion napkin sa mga sugat ng pasyenteng hinihiwa niya. Ayon sa kanya, mas mabilis daw ang healing process. 'Di binebenta sa drugstores ang napkin na ito, dinadala lang ito ni Daisy galing Dubai tuwing may taping siya dito. Sa Dubai na kasi nakatira si Daisy dahil sa kanyang boyfriend na Dubai national." (Source: blogs.pep.ph.)

Para sa karagdagang katanungan tungkol sa Negative Ion at mga benepisyon nito sa ating katawan, txt lang sa 55539031 o mag email sa uaya101@gmail.com

MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon…)

Ni Issa Mohammad Tragua

e-mail: jorgetragua@yahoo.com

MARE 1: Naku, mare, ang gaganda ng mga anak mo!
MARE 2: Talaga, mare? Hay naku, kung asawa ko lang ang aasahan, hindi sana nangyari 'yan!
[Send by txt ni Edwin Faeldin, Manila, Phils]

Sa airport canteen, umorder ang isang Amerikano.
KANO: Miss, will you please give me one few two?
TINDERA: What, sir?
KANO: I said one few two!
TINDERA: Ah, puto!
KANO: Yeah, thats right!
TINDERA: (gumanti) Okey, sir? What color do you want? few la? or few ti?
[Send by txt ni Edwin Faeldin, Manila, Phils]

KUSTOMER: (sumisigaw) PABILI NG HOPE!

TINDERO: Huwag mo akong sigawan! Hindi ako bingi? Ilang Coke ba ang bibilhin mo?

[Send by txt ni U.Junior Abaya, Bohol-Phils]

INDAY: Sir, karamihan pala ng nakalibing sa sementeryo, ginahasa!
SIR: Paano mo nalaman?
INDAY: Kasi, nakalagay sa lapida nila, RIP!
[Send by txt ni U.Junior Abaya, Bohol-Phils]

BINGI 1 : Pare, mamamalengke ka ba?
BINGI 2 : Hindi, mamamalengke ako.
BINGI 1 : Aahh. Ok. Akala ko kasi mamamalengke ka.
[Sender : Mailyn "Sarah" Rodriguez, Khaytan, Kuwait]

BONI: Kararating ko lang galing sa Africa.
IDOT: Africa? Hindi ba maraming cannibals doon?
BONI: Nakakatakot nga, pero mga edukado na ngayon sila.
IDOT: Hindi na sila kumakain ng tao!
BONI: Nangangain pa rin, pero gumagamit na ng kutsara!
[Sender : Mailyn "Sarah" Rodriguez, Khaytan, Kuwait]

BOY 1 : Lahi naming ang mahabang buhay, lolo ko namatay 88 years old na.
BOY 2 : Ako Lolo ko namatay 98 years old.
BOY 3 : Lolo ko sobrang tanda PINATAY na lang naming.
[Sender : Mailyn "Sarah" Rodriguez, Khaytan, Kuwait]

BATA: Manong, ano po ba capital ng Pilipinas?
MANONG: Alam mo walang capital ang Pilipinas.
BATA: Bakit po?
MANONG: Kasi puro utang.
[Sender: Jayjay A., Farwaniya, Kuwait]

SIR: Inday darating dito manugang ko, 1 month siya titira sa atin, ito ang listahan ng lahat niyang paboritong pagkain
INDAY: Ok po sir
SIR: at kapag may niluto ka isa man sa mga iyan, tanggal ka sa trabaho
INDAY: ngheeeee
[Sender: Jayjay A., Farwaniya, Kuwait]

MANAGER: mahina ang kita ng kumpanya. kailangan magbawas tayo ng tao.
SUPERVISOR 1: iterminate na natin yung madalas mag-absent.
SUPERVISOR 2: oo nga, at yung walang masyadong ginagawa dito sa opisina.
BOSS: teka! parang ako yon ah!

BISAYANG DYOKS
MC: Unsa'y kantahon nimo, Miss?
CONTESTANT: Kadtong kanta ni Whitney Houston nga INDAY
MC: Duna ba? Kantaha kono!
CONTESTANT: (kumanta)
INDAAAAY WILL ALWAYS LOVE YOU……
[Send by txt ni U.Junior Abaya, Bohol-Phils]

BISAYANG DYOKS
SECURITY: Excuse me po maam, titingnan ko lang ang bag nyo kung may baril.
MATANDA: Buang ka! Di man gani maigo ani ang baldi, baril pa kaha?

february .indd Sec1:12 2/15/11 11:03:56 AM



SARI-SARING KAALAMAN:

Mabagal ba ang iyong computer?

Karamihan sa atin, may sarili nang computer sa bahay, gawa na rin siguro sa ating pangangailangan gaya na din ng cellpone. Dahil tayong mga pinoy, ayaw nating mawala ang matibay na pundasyon ng ating mga pamilya at hindi natin hinahayaang mawala ang tamis ng samahan sa ating mga kaibigan at iba pang mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng regular na komunikasyon. Ngunit kung minsan, bitin ang usapan dahil nagha-hang ang ating PC o 'di naman kaya e sobrang bagal. Bitin na kung minsan ang masayang kwentuhan at bonding moments sa ating home-sweet-home. Ang tendency natin, humagilap ng isang IT expert para maayos or mapabilis ang PC. Kung nagkataon na mapagsmantala ang na-hire mo, tiyak titiba-tibain ka sa singil kung mapagtanto nilang wala ka talagang kamuang-muang sa computers. Kaya naman minarapat naming ibahagi ang ilang tips para maintindihan natin kung bakit bumabagal ang ating mga PC. Narito ang ilan sa mga dahilan at paraan upang magawan natin ng agarang "first aid" at kung sakaling umubra ay makakatipid na tayo sa oras at kaperahan sa pag-hire ng IT expert, bawas pa sa stress at sakit sa ulo.

Mahalagang paalala: kung may mga terminolohiya kayong di maintindihan, i-search niyo na lang sa internet at siento porsientong makakakuha kayo ng sagot at paliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga iyon.

Maaring ang PC mo ay nuknukan na ng bagal magbukas ng windows dahil sa:

Computer Viruses. Ang computer virus program ay software na pwedeng maikalat sa mga computers at maari itong makasagabal sa maayos na performance ng iyong PC. Ito ay maaring galling sa isang infected e-mail o kaya naman ay instant message, software na iyong di-nownload, o kaya naman ay simpleng pagbisita mo sa isang website na infected ng virus. Pinapahina nito ang systema ng iyong PC kaya bumabagal. Pwede rin nitong mabura ang ilan sa mga importanteng data na naka-save sa iyong PC o maaari din nitong sirain ang buong hard drive ng PC mo. Kaya't kinakailangan ang regular na pag-update ng iyong anti-virus program.Pumili ng anti-virus program na hindi kokonsumo ng malaking bahagi ng memory ng iyong PC. Makakahanap ka sa internet nito o kaya ay magtanong sa IT personnel para sa mga options.

Spyware. Ito ay software na nai-install sa iyong computer at kinukuha ang mga data at impormasyon tungkol sa iyo habang gamit mo ang computer. Kalimitan hindi ito madaling ma-detect kaya 'di agad nalalaman na nasa PC na pala ito. Nakukuha rin ito sa pamamagitan ng pag-browse sa mga websites gamit ang isa pang software. Kaya kalimitan nagyayari ito nang hindi mo namamalayan. Ang kagandahan, may mga spyware program detectors na din. At karamihan sa mga ito ay libreng makukuha sa internet. Isang halimbawa ay ang Spyware Doctor. Mas makabubuting i-research muna ang mga pangalan ng spyware detector program bago gamitin.

Registry Errors. May malaking database o "listaan" na kumakalap ng maraming klase ng impormasyon na nagpapagana sa iyong PC, ito ay tinatawag na Registry. Lahat ng configuration settings, ibig sabihin lahat ng tungkol sa iyong PC ay nakalahad doon. Patuloy na iyon na nababago habang gamit mo ang iyong PC, tuwing mayroong nadadagdag o nababawas sa lahat ng mga bagay na nasa PC. Kapag ito ay nasira, nagbubunga ito ng hindi magandang performance ng PC.

Ano man ang ginagawa mo gamit ang iyong PC, gaya ng pag-check ng e-mail, pagbukas sa mga website, lahat ng ito ay maaaring mai-save lahat sa iyong computer. Ang mga cookies o mga impormasyong kusang inilalagay ng Web site sa iyong PC upang maalala ang ilang impormasyon tungkol sa iyo sa susunod na paggamit mo sa site na minsan mo nang na-browse o napuntahan. Ito ay naise-save sa iyong PC ng kusa kasama ng iyong browsing history at iba pang klase ng temporary files. Madali itong dumadami at kinukuha ang malaking bahagi ng disk space ng PC na siya naming nagpapabagal. Kailangan itong burahin ng palagian. Mag-right-click sa "Internet Explorer" sa iyong Desktop, at piliin ang "Properties", at pagkatapos ay i-click ang "Delete Cookies".

Nakakadagdag din sa nakokonsumong space sa PC ang mga softwares na masyadong malaki ang size. I-check ang iyong PC kung may mga applications na hindi naman nagagamit at burahin na lamang ito. Magpunta sa "My Computer", piliin ang "Control Panel" at hanapin ang "Add/Remove Programs".

(Abangan ang iba pang mga tips kung papano mapangalagaan ang inyong mga PC at Laptop. Ang bahaging ito ay hatid sa inyo ng CITC Computer Information Technology Centre, ang unang Filipinong akademiya ng computer sa Kuwait.)

PINOY RECIPE

Ni Sis. Um Ismael

(Iba't Ibang Luto sa Isda)

ESKABETSENG LAPULAPU

Mga Sangkap:

1 lapulapu
1 tasang ginadgad na papayang hilaw
1 sibuyas
1 siling malaki
3 butil na bawang
Kapirasong luya
Suka
Toyo
Asin
Kaunting arina
Asukal

Paraan ng Pagluluto:

1. Linisin at asnan ang lapulapu
2. Timplahin ang salsa – toyo, asin at asukal – at palaputin sa pagsasama ng arina
3. Pakuluin
4. Igisa ang bawang, sibuyas at luya
5. Isama ang sili, na hiniwang pahaba, at ginadgad na papaya, na nilamas ng asin bago binanlawan
6. Iprito ang isda at ilagay sa bandehado
7. Ipalamuti sa ibabaw ang mga gisadong sangkap
8. Ibuhos dito ang mainit na salsa
9. Ihain nang mainit

(Iba't Ibang Luto ng Karneng Baka)

MITSADO

Mga Sangkap:

1 kilo baka, sliced na ¼ pulgada (inch) ang kapal
1 guhit na taba ng baka, hiniwang manipis
1 tasang cooking oil
4 kamatis (hinati)
4 sibuyas (pag-apatin)
6 patatas (pag-apatin)
1/3 tasang suka
1 kutsarang toyo
¼ kutsaritang paminta
1 pirasong dahong lawrel

Paraan ng Pagluluto:

1. Maghiwa-hiwa sa baka at isingit ang maninipis na hiwa ng taba
2. Irolyo ang karne sa kaserola at isama ang ibang sangkap, maliban sa patatas
3. Dagdagan ng 1 tasang mainit na tubig at pakuluin hanggang lumambot ang karne
4. Ihulog ang patatas
5. Ihain ang karne na naka-slice, kasama ang ibang halo.

(Source:Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)

february .indd Sec1:14 2/15/11 11:03:58 AM

Balangay ng Lahi

Ni AbdulQadir E. Laja

Noong una pang panahon, ang ating mga ninuno ay bihasa na sa paglalakbay sa dagat. Ayon sa kasaysayan, sila ay dumating sa kapuluan (ating bansang Pilipinas) sakay sa kani-kanilang bangka, tinatawag na balangay. Sila ay nagtatag ng maliit na samahang pangkabuhayan at pampolitika. Ang samahang ito ay tinawag din na balangay. Ang isang balangay ay binubuo ng 30 hanggang 50 na kabahayan. Ang balangay ay pinamumunuan ng datu, siya ang ama, hukom at taga-pagtanggol ng kanyang mga tao.

Ang salitang "barangay" sa ngayon ay hango sa salitang "balangay", tumutukoy sa isang malaking uri ng bangka na gawa sa matitigas na kahoy. Ginagamitan lamang ng layag at sinasagwan ng ilang tao upang umusad. Taong 1976 ang mga archeologists ay nakahukay ng tatlong balangay sa Butuan, Agusan del Norte. Isa sa mga ito, sinasabing 800 na taon na ang nakalipas mula nang gawin ito.

February 2009, si Arturo Valdez ay bumuo ng grupo (Philippine Balangay Expedition Team), at nagpagawa ng replika ng balangay, pinangalanang Diwata ng Lahi. Noong September 1, 2009, Inumpisahan ang paklalakbay mula Manila Bay hanggang sa Butuan. Si Arturo Valdez ang team leader ng expedition (si Arturo Valdez din ang team leader noon sa pag-akyat ng Mount Everest). Mula Butuan, ang Diwata ng Lahi ay sinamahan ng isa pang balangay, ang Masawa hong Butuan. Naglayag sa karagatan ng Mindanao at tumuloy sa Tawi-Tawi, kung saan doon naman naghihintay ang isa pang balangay, ang Samal Tawi-Tawi.

Ang tatlong balangay na may 39 crews ay naglakbay papuntang Malaysia, Brunei, Singapore, Thailand, Indonesia, at Cambodia, naranasan ang malakas na alon at bagyo, gamit lamang ang sinaunang "navigation method", ang pagtingin sa posisyun ng araw, mga bituin, galaw ng ulap, at migration ng mga ibon. Noong December, 2010, ang tatlong balangay ay bumalik sa Maynila pagkaraan ng 15 na buwan (12,600 km. na paglalakbay), dumaong sa Harbor Square, Cultural Center of the Philippines. Ayon kay Art Valdez ang ilan sa mga layunin ng Balangay Expedition, ay upang palakasin ang pagkakapatiran ng South-east Asian nations, at pagbalik-tanaw sa ating dakilang kahapon, at kasaysayan.

february .indd Sec1:15 2/15/11 11:03:59 AM

MINDANAO: TUKLASIN NATIN
Ni Ust. Abubaidah Salud Satol
Translator/News Editor
Ministry of Information
Kuwait



Mt. Apo - Ang Pinakamataas na Tuktok sa Mindanao

Ang kanlurang bahagi ng Davao City ay may dalawang aktibong bulkan: ang Mount Talomo na may taas na 2,693 meters, at ang Mount Apo na may taas na 2,954 meters. Ang Mount Apo ay siyang pinakamataas na tuktok sa buong Pilipinas na halos natatakpan na nito ang kalangitan. Sa timog na bahagi ng Mount Apo ay matatagpuan ang mga burol na may taas na isang libu at isang daan hanggang isang libo at walong daang metro.

Sa kanlurang Mindanao, ay may nakalatag na iba›t ibang hugis ng kabundukan na bumubuo ng mahaba at parang galamay na pagkalatag. Ito ang Zamboanga peninsula. Ang mga kabundukan nito ay umaabot sa pinakamataas na isang libo at dalawang daang metro. At may mga maliliit na bundok sa bahaging ito ng Mindanao na may namumuong lawa sa kalagitnaan, na maaring kapaki-pakinabang sa kaunlarang pang-agrikultura.

Ang hilagang dulo ng kabundukan na ito ay kinaroroonan ng dalawang tuktok ng bulkan ng Mount Malindang, na nakatayo sa likod ng Ozamis City, na may taas na 2,425 metro. Ang ikalawa ay ang Mount Dapia, na siyang pinakamataas na tuktok sa Zamboanga Peninsula, kung saan aabot ang taas sa 2,617 meters. Sa timog na dulo ng Zamboanga peninsula ay ang Batorampon Point na may taas na 1,335 meters, at sa paanan nito ay matatagpuan ang syudad ng Zamboanga.

Ilang serye naman ng mga bulkang kabundukan ang matatagpuan sa mga lugar na malapit sa Lake Lanao, at nakahilera mula sa Lanao del Sur, patungo ng north Cotabato at sa kanlurang bahagi ng lalawigan ng Bukidnon. Mahigit anim sa dalawampong tuktok na ito ay pawang mga aktibong bulkan at ilan din ang napakagandang tanawin dahil ito ay tumatayong nag-iisa na parang bantayog ng piramida sa Ehipto.

Ang Butig Peaks, ay may apat na namuong «crater lakes.» Ito ay higit na madaling makita mula sa Cotabato. Ang Mount Ragang, isang aktibong bulkan ay may taas na aabot sa 2,815 meters, at ang pinakamataas sa lahat ang Mount Kitanglad o Gurain na may taas na 2,896 meters.

Sa timog-kanlurang bahagi ng Cotabato, ay isa pang serye ng mga bulkang kabundukan na matatagpuang nakahilera sa kahabaan ng mga dalampasigan.

Ang mga kabundukan na ito ay may habang 110 miles mula sa hilagang-kanluran patungo ng timog-silangan, na may lapad na tatlumpong milya. Isa sa mga tanyag na tuktok nito ay ang Mount Matutom, na ang bilog na hugis ng tuktok nito ay may lawak na isang milya at kalahati, na nakalatag sa itaas ng tatlong daang metrong paanan nito.

Ang Mount Matutum ay isang protektadong lugar at itinuturing na isa sa mga pangunahing palatandaan at karangalan ng lalawigan ng South Cotabato.

Ang ikalawang mahalagang pisyograpikong bahagi ng Mindanao ay ang serye ng matataas na kalupaan, partikular na sa mga lalawigan ng Bukidnon at Lanao del Sur. Ang kalupaan na ito ay mahaba at halos nakapalibot sa ilang mga bulkan na nasa lugar. Sa mga dulo ng kalupaan na ito ay may namumuong mga bangin, kung saan dumadaloy ang malalakas at napakalinaw na ilog at mga sapa, at karamihan sa mga ito ay pinagmumulan ng magagandang talon na dumadaloy patungo sa mga kapatagan at sa karagatan. Ang mga talon na ito ay napakahalaga sa kaunlaran, kung saan ito ay nagsisilbing pinagkukunan ng kuryente o hydroelectric energy. Ang tanawing talon ng Maria Cristina Falls ay naging pangunahing pinagmumulan ng elektripikasyon ng National Power Corporation-(NAPOCOR) sa Mindanao.

february .indd Sec1:16 2/15/11 11:04:00 AM

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Head of the Women Section, KPCCenter

Lesson 20

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik
Mga salita	Al- kalimat	الكلمات
Ngayon	Al –an - Al yawm	الأن – اليوم
Mamaya	Ba'dain – Ba'da qaleel	بعدين – بعد قليل
Bukas	Ghadan - Baakir	غدا – باكر
Kahapon	Ams	امس
Nakaraan	Maadh - Faat	ماضٍ – فات

Mga Katinig

Harakat

Fathah = "a"

halimbawa بَ = Ba

Kasrah= "I"

halimbawa بِ = Bi

Dammah "u"

halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

ر Raa	ذ Dhaal	د Daal	خ Khaa	ح Haa	ج Jeem	ث Thaa	ت Taa	ب Baa	أ Alif
ف Faa	غ Ghaieen	ع Aieen	ظ Zaa	ط Taa	ض Daad	ص Saad	ش Sheen	س Seen	ز Zaa
	ى Yaa	ي Yaa	ه Haa	و Waaw	ن Noon	م Meem	ل Laam	ك Kaaf	ق Qaaf

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

february .indd Sec1:17 2/15/11 11:04:01 AM

Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing

TANONG AT SAGOT

Pagdalaw Ng Mga Kababaihan Sa Libingan

Tanong: Sa mga pananaw ng mga pantas tungkol sa isyung pagdalaw ng mga kababaihan sa libingan, ano po ang masabi nyo hinggil dito?

Sagot: Alhamdulillah Wassalatu Wassalamu Ala Rasulillahi Waala Alihi Wasahbihi Waba'd. Una sa lahat, nagka-isa ang mga pantas sa Islam na ang pagdalaw ng mga kalalakihan sa libingan lalung-lalo na sa libingan ng mga kamag-anak ay may kabutihan (mustahabb) o kaya ay sunnah. Ang lehitimong pagdalaw ay ang hangad na upang makagawa ng mabuti para sa mga patay, at upang manalangin sa Allah para sa kanilang kapatawaran at sila'y kaawaan. Tungkol naman sa pagdalaw sa libingan ng mag kababaihan ay isang usaping hindi napagkaisahan ng mga pantas sa Islam. Banggitin natin ang kabilang sa mga pananaw nila upang maging malinaw sa mga kababayang Muslim Inshallah. Bawal (haram), ayon kay Al-Sheikh Abdulaziz Bin Baz (Kaawaan siya ng Allah) na dating Mufti ng bansang Saudi Arabia at iba pang mga pantas, na ang kanilang katwiran ay mga Hadith ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan) na isinalaysay nila Abu Huraira, Ibno Abbas, at ni Hassan Ibn Thabit (Kalugdan sila ng Allah)na nagsasabing, "Isinumpa ng Allah ang mga babaing dumadalaw sa mga libingan", pati narin ang pagdalaw ng kababaihan sa libingan ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan) at sa libingan ng dalawa niyang (Sahabi) sina Abu Bakr at Omar Ibno Al-Khattab (Kalugdan sila ng Allah). Hindi Bawal, subalit kinasusuklaman (Makrooh), ayon sa karamihan sa mga pantas, Al-Malikiyah, Al-Shafi'eyah at Hanabilah (Kaawaan sila ng Allah), na ang kanila ding katwiran ay ang mga Hadith na nabanggit sa una at sa isa pang Hadith na nagsasabing,"Isinumpa ng Allah ang mga babaing madalas dumalaw sa libingan". Mabuti (Mustahabb) katulad din ng mga kalalakihan, ayon sa mga Al-Hanafiyah (Kaawaan sila ng Allah), na ang katwiran naman nila ay ang Hadith ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan) na nagsasabing,"Ipinagbawal ko sa inyo ang pagdalaw sa mga libingan, at inyo ng dalawin ang mga ito (mga libingan) sapagkat nakapagpapaala-ala para sa inyo ng Kabilang Buhay." May mga pantas na pinag-iba ang mga dalaga at matatanda. Ayon sa kanila, kinasusuklaman (Makrooh) sa mga dalaga at ipinahintulot sa mga matatanda kung hindi magkakaroon ng pag-iiyakan sa padalaw nila sa pagbabalik alaala sa natamo nilang lungkot. Walang kasamaan (Ja'iz), ayon sa nabanggit ni Ibno Qudama mula kay Imam Ahmad at ayon din sa isang pananaw ng mga Al-Shafi'eyah (Kaawaan sila ng Allah), na ang katwiran nila ay iyong Hadith, "Ipinagbawal ko sa inyo ang pagdalaw sa mga libingan, at inyo ng dalawin ang mga ito (libingan) sapagkat, nakapagpapaala-ala para sa inyo sa Kabilang Buhay)", sapagkat itong Hadith ay pawang nauukol sa mga kalalakihan at mga kababaihan. Isa pang Hadith na nagsasabing; "Si Aisha (kalugdan siya ng Allah) ay nakita ng isa sa mga kasamahan (Sahabah) ni Propeta (Sumakanya ang Kapayapaan) na nanggaling sa libingan ng kanyang kapatid na si AbdurRahman at sinabi sa kanya (Aisha). Hindi ba ipinagbawal ni Propeta ang pagdalaw sa mga libingan? Sabi niya (Aisha) Oo, pagkatapos ay ipinahintulot niya". Isa pang Hadith na, "Si Aisha ay tinuruan ni Propeta (Sumakanya ang Kapayapaan) kung ano ang ipapanalangin niya kapag dumadalaw siya sa libingan." Sa madaling sabi, nabanggit natin, kasama ang ating pagmamahal at paggalang sa mga pantas, na ang pagdalaw ng mga kababihan sa libingan ay walang kasamaan, subalit ito ay sang-ayon sa mga sumusunod na kondisyon. Una: Kung may hangad na upang makagawa ng mabuti para sa mga patay, at upang alalahanin ang Kamatayan at ang Kabilang Buhay, at mapaghandaan din ang mga ito. At upang manalangin din sa Allah para kaawaan at sa kapatawaran nila, sang-ayon sa napagkasunduan ng mga pantas. Ikalawa: Kung ang pagdalaw ng mga kababaihan pati narin ng mga kalalakihan ay hindi sadyang paglalakbay para lamang doon sang-ayon sa lahat ng mga pantas. Ikatlo: Kung hindi magkakaroon sa pagdalaw nila ng pag-iiyakan at pag-papalahaw sa pagbabalik alala sa natamo nilang lungkot o anumang ipinagbabawal sa mga kababaihan sanhi ng kanilang kahinaan, sang-ayon sa nabanggit ni Ibno Abidin. Ikaapat: Kung walang mangyayaring masama (Fitna) o kinatatakutang mangyari, sang-ayon sa nabanggit ni Al-Nawawi, katulad ng pagsasama ng mga lalaki at babae at pagsusuot ng mga babae ng hindi wastong damit o mga damit na nakakaakit sa mga lalaki at iba pa. Ikalima: Kung ang pagdalaw nila ay hindi madalas, sang-ayon sa nabanggit ni Al-Qortubi at kung hindi maging kaugalian na nilang mga babae.

Ang Allah lamang ang higit na nakakaalam!

Para sa nais magtanong, mag-email sa: joselitotabing@gmail.com

february .indd Sec1:18 2/15/11 11:04:03 AM

BASA A MORO

Inisulat ni Ust.Marouf Baraguir Ali

Da'iyah & Social Researcher

Head, Men Section, KPCCenter

So Hadis a ikasapulo nando walo:

18- Nakabpon kani ama ni Zar a si Jundob a wata mama ni Junada nando si ama ni Abdul-rahman a si Muaz a wata mama ni Giabal a naliliniyan silan duwa nu Allah, nakabpon kanu rasoolollah a inikalimu no Allah endo sinagiya-hatra nin pidtalo nin: (Ikagilek nengka su Allah sa pidsan indawka maaden, endu tundugi ka su malat a galbekan sa mapia a galbekan (amal a mapia) ka egkapunasin, endo ebpalangay ka kanu manga taw su palangay a mapia).

Napanudtol ni altirmizi endo pidtalo nin: hadis a mapia

Su nakua balaguna endo pangagi kanu nan a hadis:

1-Wagib su kagilek kanu Allah sa apia indaw maaden su taw a muslim.

2-Wagib su kadtawbat kanu mga kadusan sa magidsan I manot matiwalo.

3-Su kadtawbat na nasisita kanu ulyan nu ki-nanggalbek sa kadusan.

4-Su mga mapia a galbekan sa Allah na kapuna-sin su malat a mga galbekan.

5-Wagib su kabpipia sa palangay kanu mga taw sa magidsan pan I muslim atawka kena muslim.

Ni Usta. Pahima Guiabal

Da'iyah & Cultural Field Worker, KPCCenter Women Section

Dili patot kano mama i dili mamaganad kano agama nin a agama Islam para kano ginawa nin endo kano pami-lya nin; si kaluma nin, so manga wata nin na enggo nin mapamando ka amayka dala den mon sabot o mama sa agama na panon den i kapatuntay nin kano pamilya nin a nakasangan salkanin, panon den i kadalindingin sa kanilan kano pezugkayaw a apoy sa gay a mauli! So niya ba a kad-alinding kano ginawa endo so pamilya na inisugo no Allah (SWT) a mailay tano sa dalem a Qur-ân:

((يأيها الذين آمنوا قوا أنفسكم وأهليكم نارا وقودها الناس والحجارة عليها ملائكة غلاظ شداد لا يعصون الله ما أمرهم ويفعلون ما يؤمرون))
سورة التحريم/6.

Ya ma'na no niya ayatan: ((Hay sekano a manga namali-tiyaya! Dalindingo so manga ginawa no endo so manga pamilya no kano apoy (Naraqa) a ya lon ipedtagon na so manga taw endo so manga wato, na aden lon ni manga Malaikat a pedtiyakap a mapasang endo mabagel, di nilan pezupaken so Allah ko endaw i inisugo Nin sa kanilan, endo penggulan nilan so endaw i ipedsugo sa kanilan)) 66:6

Kagina ka mayto, na so mama na amayka aden mazuliman nin kani kaluma nin a manga galbekan a dili maka dayt kano agama na patidtunin, pamandunin sa mga mapya uki-ukit mayto bon so manga wata nilan iganat sa manawt pan na tarbiyan den sa mapya ka makadtanay bo sa kag-kasela no manga wata na manga mapya den so balaadatan nilan. Pantag sa ma'na na kadtalo anya no Allah (SWT) a nalabit tano ((Dalindingo so manga ginawa no endo so manga pamilya no kano apoy (Naraqa))) – na ya kadtalo ni Qataadah (ikalimo sekanin no Allah): isugo no sa kanilan so kapaginugot kano Allah, endo isapalo sa kanilan so manga galbekan a supak kano Allah… ya manem kadtalo ni Mujahid (ikalimo sekanin no Allah): na ikagilek no so Allah endo ipanutuma no kano manga pamilya no so gilek kano Allah…

Bali, manga suled nami kano agama Islam na masiken nasabutan tano so niya a manga bityala tano pantag sa kapamando sa agama a so niya ba na ikaduwa a nalabit tano a kawagib no babay kano kaluma nin.

Italos tano bo o miyog so Allah…

february .indd Sec1:19 2/15/11 11:04:05 AM

BISAYA

ANG DAKBAYAN SA MATI

Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez

DAVAO city

Ang Dakbayan sa Mati usa ka dakbayan sa lalawigan sa Davao Oriental sa Pilipinas. Mao kini ang ulohan sa Davao Oriental. Sumala sa sensus sa tuig 2000, kini adunay populasyon nga 105,908 ka tawo sa 21,293 ka bubong.

Niadtong 1945, nahimong gawasnon ang Mati, Davao Oriental. Ug natukod kini nga usa ka lungsod niadtong 1903. Ug nagsaulog sila sa ilang ikagatus ka tuig niadtong 2003.

Ang Dahican ang usa ka pinakabantug nga destinasyon sa Mati nga adunay matin-aw nga tubig ug 17-kilometro nga baybayon, dalisay ug adunay pino ug puti nga mga balas. Ang Mati ang pinkamaayo nga sikreto sa Davao Region. Inila usab ang Masao nga resort. Daghan pa ang mga lugar sa Mati nga atong makit-an sama sa Camp Jericho, Tourism Complex, Waniban Island, ang natulog nga Dinosaur, Pujada island ug daghan pang uban.

Ang Pujada Bay usab inila nga pinakaabunda nga Bays sa South East Asia. Adunay 15,700 nga species nga mga binuhi sa dagat nga makit-an sa Pujada bay. Lobsters, Sea Cow nga inila sa tawag nga Dugong, hammerhead shark, blue nga balyena (blue whale), manta ray, ug mga lain-laing klase sa mga bao (turtle) nga makit-an nato dinhi sa Mati. Masulayan usab nato dinhi ang Scuba Diving.

Ang Skimming ug surfing ang paborito nga dula sa mga Matinians karun tungod sa anindot nga mga balod sa Dahican. Inila usab sa Mati ang LUKOT. Binuhi kini sa dagat ug lami nga pagkaon. Ang Mati usab adunay usa ka nindot nga dalan nga gitawag ug BAGUIO ROAD tungod sa sigsag nga porma.

february .indd Sec1:20 2/15/11 11:04:07 AM

Mahalagang Mga Numero sa Telepono

EMERGENCY: 112, 1844777
CIVIL ID INFO: 1889988
FIRE BRIGADE: 100, 105
TRAFFIC VIOLATIONS: 198
AMBULANCE:
Central 24722000; Emergency 24765616; Adan 23940660, 23941455; Amiri 22422366; Dai'ya 22510854; Dasman 22419785; Fahaheel 23919089; Faiha'a 22553779; Farwaniya 24883000, 24725149; Jahra 24575448; Mubarak Al-Kabir 25311437; Nuwaisib 23950114; Sabah 24815000; Salmiya 25739011; Shuaiba 23261927
HOSPITALS:
Amiri Casualty 22450005; Al-Sabah 24812000, 24815000; Mubarak Al-Kabir 25312700 to 9; Farwaniya 24883000, 24888000; Adan 23940600; Ibn Sina 24840300; Al-Razi 24846000; Al-Jahra 24575300; Maternity 24848067; Allergy 24849252; Blood Bank 25336538; Burns Centre 24840300; Cancer Control Centre 24849100; Chest Deseases 24838990, 24849400; Drug Control 24837245; Infectious Diseases 24870351; Islamic Medicine Centre 24849000; Military 24729911; Opthalmology 24840300; Psychiatric Centre 24843900; Sulaibikhat Orthopedic 24874240
PRIVATE HOSPITALS:
Ahmadi 23985174; Mowasat 25711533; Dar Al Shifa 22423151; Salam 22533177, 25333254; British Medical Centre 23713100; Royal Hayat Hospital 25360000, 25360536
PRIVATE CLINICS:
International Clinic 25745111; Kuwait Clinic 25739277; Maidan 22450001
POLICE STATIONS:
Abu Halifa 23717656; Ahmadi 23980304; Bayan 25387762; Dasma 22531917; Fahaheel 23912959; Hawalli 22641116; Jabriya 25315855; Jleeb Shoyoukh 24311234; Kaifan 24832839; Qadsiya 22574386; Qurain 25423772; Sabah Al Salem 25517229; Salhiya 22427157; Salmiya 25726950; Sharq 22442466; Shuwaikh 24813726; Surra 25312220; Wafra 23810412;Waha 24557902
IMMIGRATION DEPARTMENT:
Farwaniya 24341770; Hawalli 25712637, 25712635; Jahra 24555600; Ahmadi 23986761;Mubarak Al-Kabir 25415071
EMBASSY:
Phil. Embassy- Jabriya, Kuwait 25329316, 25329317, 25329318; OWWA/POLO 25346507, 25346508
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE (IPC):
Al-Mullah Saleh Kuwait 22444117; Salwa 25637900; Sharq 22418934, 22418917; Al-Rawda 22511301, 66944422; Salmiya 25733263, 66944422; Farwaniya-Kheitan 24735626, 99285459; Al-Manggaf 23723002, 99256165; Al-Jahra 24558830, 97509063; Aware Center 25335260, 25335280;
TIES Center 25231015, 25231016, 97798222

BISAYANG JOKES

ni uaya

Si Inting mi adto sa USA, ni order ug sikwati, iyang gihigop bisag init ug nakahilak si Inting!
AMERICAN: Anything?
INTING: Init molang!

(Junior Abaya, Bilar, Bohol)

Unang adlaw…
Bata: Ayo, naa mo babol gam?
Tindero: Wa mi babol gam.
Ikaduhang adlaw…
Bata: Ayo, naa mo babol gam?
Tindero: Wa lagi mi babol gam. Sigeg samok uy.
Ikatulong adlaw…
Bata: Ayo, naa mo babol gam?
Tindero: Giingnan na ta ka gahapong wa mi babol gam. Mo-balik pa gani ka diri ugma pusilon tika.
Pagkaugma…
Bata: Ayo, naa mo pusil?
Tindero: Wala.
Bata: Aw, naa mo babol gam?
(Jane Barbarona, Bilar, Bohol)

Isko: Gubot gyod ang kinabuhi.
Paeng: Mao, kinagubotan. Tan-awa naminyo kos biyuda nga may anak dalaga. Gipakaslan pod ni Tatay ang anak. Nanay na hinuon nako ang dalaga, ug si Tatay akong anak. Ang asawa nako, ugangan ni Tatay. Kon manganak sila, lolo ko sa akong igsoon. Kagubot gyod!

Lord: Ang atong game plan, Michael, mao nga ang tanang nasod adunay balanse.
Michael, ang anghel: Okey.
Lord: ang sunod nga nasod pagatawgong Pilipinas. Manindot nga mga isla, abunda sa rekursos, mga utokan ug ambongang mga tawo…
Michael, ang anghel: Ah, Lord… ang balanse?
Lord: Aw, tan-awa lang ang ilang mga piniling opisyales.

GORIO: Tagnaa unsay labing nindot nakong batasan, nagsu-god sa A.
JUAN: Aprutsabol?
GORIO: Wrong!
JUAN: Abilabol?
Gorio: Wrong gihapon!
JUAN: Unsa man diay?
GORIO: Anist!

Teacher: Ok, class, kinsa man ang naka ila ninyo ni Jose Rizal? Ikaw Juan, naka ila ka ni Jose Rizal?
Juan: Wala ma'am.
Teacher: Ikaw Pedro, naka ila ka ni Jose Rizal?
Pedro: Wala pud ma'am.
Teacher: Ikaw pablo?
Pablo: Wala sad ko kaila niya ma'am.
Teacher: Ha? Wala jud bisan usa ninyo nga naka ila ni Jose Rizal?
Pedro: Ma'am! Basin naa na siya sa pikas section!

february .indd Sec1:22 2/15/11 11:04:07 AM